

BAKIT NILIKHA NG DIYOS ANG SANGKATAUHAN? (BAHAGI 2 NG 4): ANG PANGANGAILANGAN SA PAG-ALAALA SA DIYOS

Marka:

Paglalarawan?: Ang layunin para sa paglikha ng sangkatauhan ay pagsamba. Bahagi 2: Paano iniutos ng relihiyon ng Islam ang mga paraan upang mapanatili ang paggunita sa Diyos.

Kategorya: [Mga Artikulo](#) [Mga Paniniwala ng Islam](#) [Ang Layunin ng Buhay](#)

Ni: Dr. Bilal Philips

Nailathala noong: 24 Aug 2020

Huling binago noong: 27 May 2007

Pag-alaala sa Diyos

Ang lahat ng iba't ibang mga gawain ng pagsamba na nilalaman sa mga banal na batas ay idinisenyo upang matulungan ang mga tao na maalala ang Diyos. Ito ay natural para sa mga tao na makalimutan minsan ang kahit na ang pinakamahalagang bagay. Ang mga tao ay madalas na nasasabik sa pagtupad ng kanilang materyal na pangangailangan na lubos nilang nakalimutan ang kanilang espirituwal na pangangailangan. Ang regular na panalangin ay itinalaga upang ayusin ang araw ng tunay na mananampalataya sa paligid ng pag-alaala sa Diyos. Pinagsasama nito ang mga espirituwal na pangangailangan sa mga materyal na pangangailangan sa pang-araw-araw na batayan. Ang palagian na pang-araw-araw na pangangailangan upang kumain, magtrabaho at matulog ay nauugnay sa pang-araw-araw na pangangailangan upang mabago ang koneksyon ng tao sa Diyos. Kaugnay sa madalas na panalangin, sinasabi ng Diyos sa pangwakas na paghahayag,

“Katotohanan, Ako ang Allah; walang ibang diyos maliban sa Akin Kaya Ako ay sambahin mo (tanging Ako) at magsagawa ka ng pagdarasal bilang pag-alaala sa Akin.” (Quran 20:14)

Tungkol sa pag-aayuno, sinabi ng Diyos sa Quran,

“O kayong mga naniniwala! Ang pag-aayuno ay itinatagubilin sa inyo tulad ng itinatagubilin sa mga nauna sa inyo upang sakali kayo ay matakot (sa Allah nang may tunay na pagkatakot sa Kanya).” (Quran 2:183)

Ang mga naniniwala ay hinihikayat na alalahanin ang Diyos hangga't maaari. Bagaman, ang katamtaman sa lahat ng kalagayan ng buhay, maging materyal o espirituwal, sa pangkalahatan ay hinihikayat sa banal na batas, ang isang pagbubukod ay ginawa tungkol sa pag-alaala sa Diyos. Halos imposibleng matandaan nang labis ang Diyos. Dahil dito, sa panghuling paghahayag, hinihikayat ng Diyos ang mga mananampalataya na alalahanin Siya nang madalas hangga't maaari:

“O kayong mga naniniwala! Alalahanin ninyo ng madalas ang Diyos .” (Quran 33:41)

Ang paggunita sa Diyos ay nabibigyang diin dahil ang kasalanan ay karaniwang ginagawa kapag ang Diyos ay nakalimutan. Ang mga puwersa ng kasamaan ay kumikilos nang malaya kapag nawala ang ating kamalayan sa Diyos. Dahil dito, sinisikap ng mga Satanikong puwersa na sakupin ang mga isipan ng mga tao ng mga hindi nauugnay na saloobin at hangarin para makalimutan nila ang Diyos. Kapag nakalimutan ang Diyos, ang mga tao ay papayag na sumali sa mga masasamang elemento. Sa huling paghahayag, tinutukoy ang kababalaghan sa sumusunod:

“Sila ay pinangibabawan (o nilukuban) ng Satanas, kaya sila ay ginawang makalimot sa pag-alaala sa Allah. Sila yaong mga kampon ng Satanas. Katotohanan, ang mga kampon ng Satanas- sila ang mga nawalan (o talunan).” (Quran 58:19)

Ang Diyos, sa pamamagitan ng Banal na Batas, ay ipinagbawal ang mga nakalalasing at pagsusugal lalo na sapagkat nagsasanhi ang mga ito na makalimutan ng tao ang Diyos. Ang isip at katawan ng tao ay madaling mahumaling sa droga at mga laro ng pagkakataon. At kapag sila ay nalulong, ang hangarin ng sangkatauhan na patuloy na pasiglahin sila nito ay hahantong sa lahat ng anyo ng katiwalian at karahasan sa kanilang sarili. Sinabi ng Diyos sa Quran:

“Nais lamang ng Satanas na maghasik ng matinding galit at poot sa inyong pagitan sa (pamamagitan ng) mga inuming nakalalasing at sugal at (upang) kayo ay kanyang mailihis sa pag-aalaala sa Allah at sa pagdarasal. Kaya, hindi ba kayo magsisitigil (sa gayong masasamang bisyo)?” (Quran 5:91)

Dahil dito, kailangang alalahanin ng sangkatauhan ang Diyos para sa kanilang sariling kaligtasan at paglaki. Lahat ng tao ay may mga oras nang kahinaan kung saan sila nakakagawa ng mga kasalanan. Kung wala silang paraan ng pag-alala sa Diyos, lulubog sila ng malalim na malalim sa katiwalian sa bawat kasalanan. Gayunpaman, ang mga sumusunod sa mga banal na batas ay palaging mapapa-alalahanan ng Diyos, na bibigyan sila ng pagkakataon na magsisi at ituwid ang kanilang sarili. Ang pangwakas na paghahayag ay tumpak na naglalarawan sa prosesong ito:

“At yaong, kapag nakagawa ng kahalayan o nakagawa ng kamalian (o maliit na kasalanan) sa kanilang mga sarili, ay kanilang naaalala ang Allah at (dagliang) humihingi ng kapatawaran sa kanilang nagawang mga kasalanan...” (Quran 3:135)

Ang Relihiyon ng Islam

Ang pinaka kumpletong sistema ng pagsamba na mayroon para sa mga tao ngayon ay ang sistema na matatagpuan sa relihiyon ng Islam. Ang mismong pangalang 'Islam' ay nangangahulugang 'pagsuko sa kalooban ng Diyos.' Bagaman karaniwang tinutukoy ito bilang 'ang pangatlo sa tatlong mga pananampalataya sa nag-iisang Diyos,' hindi ito isang bagong

relihiyon. Ito ang relihiyon na dinala ng lahat ng mga propeta ng Diyos para sa sangkatauhan. Ang Islam ay ang relihiyon nina Adan, Abraham, Moises at Hesus. Tinalakay ng Diyos ang isyung ito sa Quran patungkol kay Propeta Abraham, na sinasabi:

“Si Abraham ay hindi isang Hudyo o isang Kristiyano. Bagkus, siya ay isang Muslim na tuwirang sumasamba sa Allah at siya ay hindi kabilang sa mga nagtatambal sa Allah..” (Quran 3:67)

Yamang may iisang Diyos lamang, at ang sangkatauhan ay isang uri, ang relihiyon na inihayag ng Diyos para sa tao ay iisa. Hindi Niya iniutos ang isang relihiyon para sa mga Hudyo, isa para sa mga Indiano, isa din para sa mga Europeo, atbp. Ang espiritwal na pantao at panlipunang mga pangangailangan ay pantay, at ang kalikasan ng tao ay hindi nagbago mula nang nilikha ang unang lalaki at babae. Dahil dito, walang ibang relihiyon ang katanggap-tanggap sa Diyos maliban sa Islam, tulad ng malinaw Niyang sinabi sa pangwakas na paghahayag:

“Katotohanan, ang relihiyon sa (paningin ng) Allah ay ang Islam...” (Quran 3:19)

“At sinumang humanap ng ibang relihiyon bukod sa Islam, ito ay hindi tatanggapin mula sa kanya, at sa kabilang buhay siya ay kabilang sa mga talunan (o nawalan).” (Quran 3:85)

Ang web address ng artikulong ito:

<https://www.islamreligion.com/tl/articles/341/bakit-nilikha-ng-diyos-ang-sangkatauhan-bahagi-2-ng-4>

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.